Mga Opsiyon para sa mga Estudyanteng Hindi Magtatapos Pagkatapos ng Apat na Taon sa Sekondaryang Paaralan

Ang mga estudyante na hindi nakatugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagtatapos (graduation requirements) sa sekondaryang paaralan AT hindi nakakuha o nagkamit ng regular na diploma sa sekondaryang paaralan ay eligible o magiging karapat-dapat sa isang libreng pampublikong edukasyon sa school year kung kailan sila ay mag-eedad ng 21. Sakop dito ang mga estudyanteng mas bata pa sa 21 taong gulang na nagkamit ng Sertipiko sa Pangkalahatang Pang-edukasyong Pagpapaunlad (General Educational Development o GED) o ang naka-enrol sa:

- Mga pang-karera at teknikal na programang pang-edukasyon kasama na ang mga sentrong pangkahusayan;
- Mga programang transisyunal na bi-lingguwal na pagtuturo
- Mga programang espesyal na edukasyon; o
- Mga programang pang-edukasyon para sa mga migrante o dayuhan.

Ang mga sekondaryang paaralan at ang mga distrito ng paaralan ay patuloy na tatanggap ng Alokasyon para sa Batayang Edukasyon (Basic Education Allocation o BEA) at anupamang ibang pondo na ibinibigay o kinikita ng mga estudyanteng ito.

Ang mga estudyanteng hindi magtatapos pagkatapos ng apat na taon sa sekondaryang paaralan ay mayroon ding mga opsiyong may-bayad kung pipiliin nilang hindi na babalik pa sa sekondaryang paaralan. Ang mga opsiyong ito ay idinetalye pagkatapos ng mga libreng opsiyon.

MGA LIBRENG OPSIYON

Mayroong mga libreng opsiyon para sa mga estudyanteng hindi magtatapos (not graduating) pagkatapos ng apat na taon sa sekondaryang paaralan at gustong matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagtatapos sa sekondaryang paaralan. Ang mga opsiyong ito ay ang:

1. **Patuloy na Naka-enrol sa Sekondaryang Paaralan**: Lahat ng estudyante ay eligible o may karapatan na dumalo sa kanilang residenteng sekondaryang paaralan sa school year kung kailan sila ay mag-eedad ng 21 taong gulang.

2. **Pagka-enrol sa isang Programa ng Distrito ng Paaralan para sa Pagkumpleto ng Sekondaryang Paaralan (School District High School Completion Program)**: Maaaring kontratahin ng mga distrito ng paaralan ang mga kolehiyo ng komunidad na mag-alok ng walang-babayarang tuition na mga programa para sa pagkumpleto ng sekondaryang paaralan sa mga estudyanteng naka-enrol pa sa kanilang residenteng distrito ng paaralan. Pagkatapos makumpleto ang programang ito, ang mga estudyante ay makakatanggap ng diploma sa sekondaryang paaralan mula sa distritong ito.

3. **Patuloy na Running Start**: Ang mga estudyante na sumali sa Running Start sa mga taong noong sila ay nasa ika-11 at ika-12 na baitang ngunit hindi nakakumpleto sa mga kinakailangang klase para sa pagtatapos sa sekondaryang paaralan ay maaaring magpatuloy ng kanilang pagsali sa Running Start upang matugunan ang pangangailangan sa pagtatapos ng sekondaryang paaralan paglagpas ng ika-12 baitang, ngunit para lamang makuha ang mga klase – sa pamamagitan ng Running Start – na hindi nila naipasa o nakumpleto nang matagumpay. (Pinahihintulutan ng programang Running Start ang may karapatan o eligible na mga estudyanteng nasa ika-11 at ika-12 baitang na kumuha ng mga klase sa kolehiyo na

Mga Opsiyon para sa mga Estudyanteng Hindi Magtatapos Pagkatapos ng Apat na Taon sa Sekondaryang Paaralan (ipinagpatuloy)

MGA OPSIYONG MAY BAYAD

Mayroong mga opsiyong may bayad para sa mga estudyante na hindi magtatapos pagkatapos ng apat na taon sa sekondaryang paaralan at gustong matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagtatapos sa sekondaryang paaralan. Ang mga opsiyong ito ay ang:

1. **Pag-enrol sa isang Kolehiyong Pangkomunidad at Teknikal para sa Programa para sa Pagkumpleto ng Sekondaryang Paaralan (High School Completion Program)**: Maraming mga kolehiyong pangkomunidad sa estado ang nag-aalok ng mga programa para sa pagkumpleto ng sekondaryang paaralan na nagbibigay sa mga estudyante ng diploma sa sekondaryang paaralan (high school diploma) mula sa kolehiyo. Kailangang huminto o magdrop-out ang mga estudyante sa kanilang residenteng sekondaryang paaralan upang makapag-enrol sa mga programang ito. Karamihan sa mga kaso, ang mga estudyante ay pinababayad ng mga tuition at mga bayarin (fees) para sa enrolment, kahit na ang mga kolehiyo ay may awtoridad na ipaubaya o i-waive ang tuition at mga bayarin para sa mga estudyanteng nasa 19 na taong gulang at mas matanda pa. Ang mga estudyanteng nasa 16 hanggang 18 taong gulang ay kailangang mayroong pinirmahang pagbitiw o pag-release mula sa kanilang residenteng distrito ng paaralan upang maka-enrol sa isang kolehiyong pangkomunidad para sa programa para sa pagkumpleto ng sekondaryang paaralan.

2. **Pagkuha ng Sertipiko sa General Education Development (GED Certificate)**: Ang mga estudyante na nasa 16 na taong gulang at mas matanda pa ay maaaring makakuha ng Sertipiko sa GED sa pamamagitan ng pagpasa sa lahat ng nasa hanay ng mga pagsubok na inalok sa pamamagitan ng programa ng GED. Upang makakuha ng pagsubok, kailangang magdrop-out ang mga estudyante sa kanilang residenteng sekondaryang paaralan. Ang mga kolehiyong pangkomunidad at teknikal ng estado ay ang mga opisyal na sentro ng pagsusubok (testing center) para sa GED. Ang mga estudyante ay nagbabayad ng mga bayarin (fees) para sa mga pagsubok at posibleng magbayad ng tuition at fees para sa mga kursong paghahanda para sa GED na iniaalok sa pamamagitan ng mga kolehiyong pangkomunidad at teknikal. And sertipiko ay hindi tumatapat sa diploma sa sekondaryang paaralan, at ang mga estudyanteng nagkamit o nakakuha ng isang sertipiko sa GED ay tinuturing na mga drop-out para sa mga kadahilanang pagpapaako ng responsibilidad. Sa kabilang panig, ang mga estudyante na nag-eedad ng mas mababa pa sa 21 taong gulang at mayroong sertipiko sa GED, ay maaari pa ring kumumpleto o tumupad sa kanilang mga pangangailangan sa pagtatapos sa sekondaryang paaralan at makakuha ng diploma. (Tingnan ang Mga Libreng Opsiyon, No. 1 at No. 2 sa itaas.)

3. **Pag-enrol sa May Dalawa o Apat na Taong Kolehiyo o Unibersidad na Pampubliko (Public Two- or Four-Year College or University)**: Wala sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa Washington ang nagtatakda na ang mga estudyante ay kailangang mayroong diploma sa sekondaryang paaralan upang matanggap, kahit pa na ang diploma sa sekondaryang paaralan ay makahulugang nagpapalaki ng posibilidad upang ang estudyante ay matanggap sa mga may apat na taong mga institusyon ng estado. Ang mga estudyanteng walang diploma sa sekondaryang paaralan na mag-eenrol sa mga kolehiyo at unibersidad ay magbabayad ng kabuuang tuition at mga bayarin tulad ng lahat ng iba pang estudyante. Ang

mga estudyante na walang diploma sa sekondaryang paaralan o sertipiko sa GED ay maaaring hindi maging karapat-dapat o eligible sa ilang mga tulong pinansyal ng pederal, estado at pribadong tulong pinansyal.